



Pinagtibay ng Lupon ng mga Direktor noong Enero 21, 2020

Solano Irrigation District (SID) Patakarang sa Batas ng Proteksiyon sa Pagputol ng Serbisyo ng Tubig ng Suplayer ng Tubig sa Lungsod

Pinagtibay para sa pagpapatupad noong Pebrero 1, 2020.

Kapag inaaplay ang patakarang ito, kung may mga isyu sa oras na sumunod sa patakarang ito, palaging ibinibigay ng SID ang kapakinabangan sa kostumer at binibigyan sila ng karagdagang araw sa pagbabayad. Ang SID ay nananatiling nakatuon sa pagtulong sa mga kostumer sa mga pagbabayad ng mga singil sa tubig at hindi sa pagputol ng serbisyo ng tubig.

Wala sa patakarang ito ang maaaring maituring na hindi ayon sa Batas ng Proteksiyon ng Pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig, na isinatuntunin sa Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan ng California Seksiyon 116900, et seq.

Ang patakarang ito ay hindi nag-aaplay sa pagpuputol ng serbisyo ng SID dahil sa isang hindi awtorisadong ginawa ng kostumer.

Taun-taon, dapat iulat ng SID sa Lupon ng Nagkokontrol ng Tubig ng Estado ang bilang ng taunang pinuputulan ng serbisyo sa residensyal dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad at i-post ang impormasyong ito sa website ng SID. Maliban kung ang Lupon ng Nagkokontrol ng Tubig ng Estado ay magpataw ng ibang iskedyul ng pag-uulat, tuwing Enero ang kawani ay gagawa ng isang ulat sa Lupon ng mga Direktor ng SID ng bilang ng mga naputulan ng serbisyo sa residensyal dahil sa walang kakayahang magbayad at pagkatapos na maaprubahan ng Lupon ay ipo-post ang impormasyong ito sa website ng SID.

Ang patakarang ito ay tumatalima sa mga sumusunod, na nakalakip sa patakarang ito:

- SB-998 Pagputol ng serbisyo ng tubig sa residensyal: mga sistema ng tubig sa komunidad ng lungsod
- Alituntunin sa Pamahalaan ng California Mga Seksiyon 60370 - 60375.5, Kabanata 9.6. Mga Serbisyo ng Utility
- Alituntunin sa Kalusugan ang Kaligtasan ng California Mga Seksiyon 116900 – 116926, Part 12, Chapter 6. Pagputol ng Serbisyo ng Tubig sa Residenyal (ang Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan)

Mga Kahulugan:

- 1) Serbisyo sa Residenyal: ay nangangahulugang serbisyo ng tubig sa isang residensyal na kinabibilangan ng mga tirahang may isang pamilya lang, mga tirahan ng maramihang pamilya, mga mobile na bahay, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga mobile na bahay sa mga parke ng mobile na bahay o pabahay sa bukid.
- 2) Sistema ng Tubig sa Komunidad ng Lungsod: pampublikong sistema ng tubig na nagbibigay ng tubig sa higit sa 200 mga koneksyon ng serbisyo. Hanggang Disyembre 26, 2019, kasama na ang mga kostumer sa tubig ng SID na tumatanggap ng hindi naprosesong tubig, at pinoproseso

TITULO: Batas ng Senado No. 998, Batas sa Proteksiyon ng Pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig - Patakaran ng SID

ng kanilang sarili para sa paggamit ng residensyal, ang SID ay may humigit-kumulang sa 590 mga residensyal na kostumer. Ang SID ay isang sistema ng tubig sa komunidad ng lungsod.

Gagawin ng SID ang mga bill ng tubig sa unang araw ng buwan o malapit sa unang araw ng bawat buwan. Ang mga singil sa tubig ay dapat bayaran pagkatanggap at delingkuwente nang huling araw ng buwan nang na-print ang bill.

Walang pagpuputol ng serbisyo ng tubig nang Huwebes at Biyernes. Kung kinakailangan ang pagputol ng serbisyo ng tubig, ang bawat pagtatangka ay gagawin nang hindi lalampas sa 10:30 ng umaga, upang bigyan ng oras ang kostumer na makipag-ugnay sa SID at makipagkasundo sa mga paraan ng pagbabayad sa mga normal na oras ng negosyo.

Ang patakarang ito ay ibibigay sa mga sumusunod na wika at makukuha sa website ng sidwater.org pati na rin ng naka-print at makukuha sa tanggapan ng SID sa 810 Vaca Valley Parkway, Suite 201:

- Ingles,
- Espanyol,
- Intsik,
- Tagalog,
- Vietnamese,
- Koreyano,
- at anumang iba pang wika na ginagamit ng hindi bababa sa 10% ng populasyon sa loob ng mga hangganan ng SID, na kung saan ay kasalukuyang wala.

Ang SID ay hindi magpuputol ng serbisyo sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad hanggang maging delingkuwente ang bayarin ng isang kostumer nang hindi bababa sa 60 araw.

Maaaring putulin ang tubig sa ika-61 araw, kung ang SID, nang hindi bababa sa 15 (labinlimang) araw bago ang pagputol ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, ay nakipag-ugnay sa kostumer na nakapangalan sa account ng tubig, sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng nakasulat na abiso. **Halimbawa:** Kung kailangang putulin ang serbisyo ng tubig sa ika-61 araw pagkatapos na maging delingkuwente ang isang account, kailangang magbigay ng abiso sa pamamagitan ng alinman sa telepono o sulat ng abiso nang hindi bababa sa 15 araw bago ang ika-61 araw ng delingkuwensya. Ang isang bill ay dapat bayaran sa Mayo 31. Ang pagputol ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad ay hindi maaaring mangyari bago ang Hulyo 31, at maaari lamang mangyari sa Hulyo 31, kung ang SID ay nakipag-ugnay sa isang may sapat na gulang sa pamamagitan ng telepono o nagpadala ng isang sulat ng abiso ng nakabinbin na pagputol ng tubig, at ang parehong tawag at ang sulat ng abiso ay dapat na sumunod sa lahat ng patakaran, ay ginawa o nai-postmark nang hindi lalampas sa Hulyo 17, o 15 araw bago ang pagpatay ng tubig.

Kapag nakipag-ugnay ang SID sa kostumer ng tubig na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng telepono, mag-aalok ang SID na magbigay ng sulat sa kostumer ng Solano Irrigation ng Patakaran sa Batas ng Proteksiyon sa Pagputol ng Serbisyo ng Tubig ng Suplayer ng Tubig sa Lungsod, at mag-aalok na talakayin ang mga opsyon upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad. Ang mga opsyon upang maiwasan ang pagpuputol ng serbisyo sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad ay dinetalye sa ibaba.

Kapag nakipag-ugnay ang SID sa kostumer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng sulat ng abiso, ang sulat ng abiso ng delingkuwenteng pagbabayad at nakabinbing pagputol ay ipadadala sa

TITULO: Batas ng Senado No. 998, Batas sa Proteksiyon ng Pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig - Patakaran ng SID

koreo sa kostumer ng tirahan kung saan ibinigay ang serbisyo sa residensyal. Kung ang address ng kostumer ay hindi pareho sa address ng tinitirhan na kung saan ibinibigay ang serbisyo sa residensyal, ang abiso ay ipadadala din sa address ng ari-arian na kung saan ang serbisyo ng residensyal ay ibinibigay, na naka-address sa "Residente".

Kasama sa sulat ng abiso, ngunit hindi limitado, ang lahat ng mga sumusunod na impormasyon sa isang malinaw at madaling mababasa na format:

- 1) Pangalan at tirahan ng kostumer.
- 2) Halaga ng delingkuwente.
- 3) Ang petsa kung saan ang pagbabayad o ang pakikipagkasundo sa pagbabayad ay kinakailangan upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa residensyal.
- 4) Isang paglalarawan ng proseso ng pag-aaplay para sa isang ekstensyon ng oras upang mabayaran ang mga delingkuwenteng singil.
- 5) Isang paglalarawan ng proseso nang paghiling ng isang pagsusuri at apela.
- 6) Isang paglalarawan ng proseso kung saan maaaring humiling ang kostumer ng isang pagpapaliban, pagbabawas, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kasama ang pag-aamortisasyon ng mga delingkuwenteng singil sa serbisyo sa residensyal.

Apendise 1 ng patakarang ito ay naglalaman ng format ng nakasulat na abiso.

Kung hindi makontak ng SID ang kostumer o isang may sapat na gulang na residente ng tirahan sa pamamagitan ng telepono, at ang sulat na abiso ay ibinalik sa pamamagitan ng koreo na may tatak na hindi naihatid, ang SID ay gagawa ng isang pagsisikap na may malinis na hangarin na bisitahin ang tirahan at mag-iwan, o ilagay sa isang lugar na madaling makita, ang isang abiso ng napipintong pagputol ng serbisyo sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad at patakaran ng SID sa pagpuputol ng serbisyo sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad.

Ilalagay ng SID ang patakarang ito, sa mga kinakailangang wika, sa isang business sized na sobre ng SID at i-tape ito sa garahe ng tirahan na may serbisyo ng tubig, o kung walang garahe, isasabit ito sa harap ng pintuan.

Ang mga sumusunod ay mga sitwasyon kung saan HINDI puputulin ng SID ang serbisyo ng tubig sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad:

- 1) Kung ang isang may sapat na gulang na residente ay nag-apela sa bill ng tubig sa SID o sa anupamang administratibo o ligal na tagapamahala na kung saan ang nasabing apela ay maaaring ligal na tinanggap, hindi puputulin ng SID ang serbisyo sa residensyal habang ang pag-apela ay nakabinbin.
- 2) Ang mga kostumer na may ipinakitang pangangailangang medikal, na nakakatugon sa tatlong kondisyon na nasa ibaba (nakalista bilang a, b at c):
 - a) Ang kostumer, o isang nangungupahan sa kostumer, ay magsusumite sa SID ng sertipikasyon ng isang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga, ang salitang ito ay binigyang kahulugan sa subparagraph (A) ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 14088 ng Alituntunin ng Kapakanan at Institusyon, (nakalakis ang kopya) na ang pagpuputol ng serbisyo sa residensyal ay mapanganib sa buhay o magdudulot ng isang malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang residente ng lugar kung saan ipinagkakaloob ang serbisyo sa residensyal;

TITULO: Batas ng Senado No. 998, Batas sa Proteksiyon ng Pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig - Patakaran ng SID

AT

- b) Ipinakikita ng kostumer na wala siyang pinansyal na kakayahang magbayad ng serbisyo sa residensyal sa loob ng normal na siklo ng pagsingil ng SID. Ang kostumer ay maituturing na walang pinansiyal na kakayahang makabayad para sa serbisyo sa residensyal sa loob ng normal na siklo ng pagsingil ng SID kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o Ang Programa ng Espesyal na Karagdagang Nutrisyon ng California para sa mga Babae, Mga Sanggol, at Mga Anak, o ang kostumer ay nagpapahayag na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng lebel ng kahirapan sa pederal; AT
- c) Ang kostumer ay handang pumasok sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang plano para sa pansamantalang pagpapaliban o pagbabawas ng pagbabayad, na naaayon sa nakasulat na patakaran ito. (Tingnan ang Mga Opsyon na Magagamit sa Mga Kostumer ng SID upang Makaiwas sa Pagpuputol ng Residensyal na Serbisyo Dahil sa Hindi Pagbabayad sa patakaran it.)

Ang mga sumusunod ay mga sitwasyon kung saan ang SID ay maaaring piliing HINDI putulin ang serbisyo ng tubig sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad:

- 1) Ipinakikita ng kostumer na wala siyang pinansyal na kakayahang magbayad ng serbisyo sa residensyal sa loob ng normal na siklo ng pagsingil ng SID. Ang kostumer ay maituturing na walang pinansiyal na kakayahang makabayad para sa serbisyo sa residensyal sa loob ng normal na siklo ng pagsingil ng SID kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o Ang Programa ng Espesyal na Karagdagang Nutrisyon ng California para sa mga Babae, Mga Sanggol, at Mga Anak, o ang kostumer ay nagpapahayag na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng lebel ng kahirapan sa pederal, at handang pumasok sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang plano para sa pansamantalang pagpapaliban o pagbabawas ng pagbabayad, na naaayon sa nakasulat sa patakaran ito. (Tingnan ang Mga Opsyon na Magagamit sa Mga Kostumer ng SID upang Makaiwas sa Pagpuputol ng Residensyal na Serbisyo Dahil sa Hindi Pagbabayad sa patakaran it.)
- 2) Ang sinumang delinkuwenteng kostumer ng SID, na hindi nasasakop ng anumang kategorya na nauna nang isiniwalat, na handang pumasok sa isang amortisasyon o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, na naaayon sa patakaran ito.

Mga opsyon na Magagamit sa Mga Kostumer ng SID upang Iwasan ang Pagpuputol ng Serbisyo sa Residensyal Dahil sa Hindi Pagbabayad

- 1) Bayaran ang kabuuang delinkuwenteng halaga ng singil sa tubig.
- 2) Bayaran ang hindi bayad na balanse sa loob ng isang tiyak na bilang ng buwan, upang maitakda ng isang tiyak na buwanang pagbabayad.
- 3) Makilahok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, na maaaring isama ang pansamantalang pagpapaliban na mga pagbabayad.
- 4) Bawasan ang halaga ng babayaran, kung ang kostumer ay nakatutugon sa tatlong mga kinakailangan para sa pag-iwas sa pagputol ng tubig sa residensyal para sa mga kadahilanang medikal, o ipinakikita

TITULO: Batas ng Senado No. 998, Batas sa Proteksiyon ng Pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig - Patakaran ng SID

na ang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na lebel ng kahirapan, at ang SID ay matutukoy ang mapagkukunan ng pagpopondo, maliban sa mga bayad ng mga kostumer ng tubig.

Ang SID ay maaring pumili sa mga opsyon sa pagbabayad na isasagawa ng kostumer at maaaring itakda ang mga parameter ng opsyon ng pagbabayad na iyon. Karaniwan, ang opsyon sa pagbabayad na inaalok ay dapat magresulta sa pagbabayad ng anumang natitirang di-nababayaranang balanse sa loob ng 12 buwan, pero ang mas maaga dito ay maaari ring maging opsyon. Ang SID ay maaaring magbigay ng isang mas mahabang panahon ng pagbabayad kung ito ay kinakailangan upang maiwasan ang hindi nararapat na pagpapahirap sa kostumer batay sa mga kalagayan ng indibidwal na kaso.

Kung ang balanse na delingkuwente ay \$2,000 o mas mababa, maaaring gumawa ang Direktor ng Pananalapi ng iskedyul ng pag-amortisasyon, pansamantalang pagpapaliban ng mga pagbabayad, o gumawa ng isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad.

Kung ang balanse na balanse ay \$2,001 o higit pa, ang napagkasunduan na iskedyul ng pag-amortisasyon, pansamantalang pagpapaliban ng mga pagbabayad, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad ay irerekomenda ng Direktor ng Pananalapi at dapat na aprubado ng Tagapamahala sa Pangkalahatan.

Kung natutugunan ng kostumer ang tatlong mga kinakailangan para sa pag-iwas sa pagpuputol ng tubig ng residensyal para sa mga kadahilangang medikal, o ipinapakita na ang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na lebel ng kahirapan, at natukoy ng SID ang isang mapagkukunan ng pagpopondo, maliban sa mga bayad ng mga kostumer ng tubig, ang Direktor ng Pananalapi ay maaaring magpakita ng isang plano para sa binawasang halaga ng bayarin sa Tagapamahala sa Pangkalahatan para sa pag-apruba. Ang lahat ng mga pagbabawas sa balanseng lampas na sa taning na bayarin ay dapat na aprubahan ng Tagapamahala sa Pangkalahatan.

Ang SID ay maaaring mag-alok, na may pag-apruba ng Tagapamahala sa Pangkalahatan, ng mga kundisyon ng pagbabayad na mas maluwag kaysa sa ipinagkaloob sa pagpuputol ng serbisyo ng tubig sa residensyal sa California, na kilala bilang Senate Bill No. 998.

Kapag napagkasunduan ang isang opsyon sa pagbabayad, kung ang kostumer ay hindi sumunod sa kasunduan sa pag-aamortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang pagpapaliban o pagbabawas sa plano ng pagbabayad (mga plano sa pagbabayad) para sa mga delingkuwenteng mga singil para sa 60 araw o higit pa, o habang binabayaran ang isa sa mga plano sa pagbabayad, hindi binabayaran ng kostumer ang kanyang kasalukuyang singil sa serbisyo sa residensyal para sa 60 araw o higit pa, na may isang 5 araw na abiso ay maaaring putulin ng SID ang serbisyo ng tubig. Ang huling abiso ng hangarin na putulin ang serbisyo ay dapat na naka-post sa isang dako na madaling makita sa may ari-arian, na isinalin sa lahat ng naunang tinalakay na mga kinakailangang wika. Magbibigay ang SID ng isang sulat na nagpapahiwatig ng napipintong pagputol ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagsunod sa napagkasunduang ayos ng pagbabayad, kasama ang nakatakdang petsa ng pagpuputol. Ang nakatakdang petsa ng pagpuputol ay nakasaad sa liham. *Ang sobre ng SID na may liham ay ipo-post sa garahe ng tirahan o sa harap ng pintuan. Ang SID ay mag-iiskedyul ng mga pagpuputol nang hindi lalampas nang Miyerkules, upang maiwasan ang mga sitwasyon na maaaring maging sanhi ng mga problema sa mga pag-iiskedyul ng mga kawani ng katapusan ng linggo.*

Isasama rin sa huling abiso ng hangaring pagpuputol ng serbisyo ng tubig ang mga impormasyon kung paano ibalik ang serbisyo sa residensyal. Upang maibalik ang serbisyo ng tubig, ang kostumer ay

TITULO: Batas ng Senado No. 998, Batas sa Proteksiyon ng Pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig - Patakaran ng SID

sasabihang makipag-ugnay sa Direktor ng Pananalapi, at gumawa ng isang pakikipagkasundo sa pagbabayad at susuriin kung kailangang magbayad ng \$30 na multa sa muling pagkonekta kung ang muling pagkonekta ay nasa normal na oras ng negosyo ng SID (tinukoy sa ibaba), at \$128 kung ito ay pagkatapos ng oras ng negosyo o pagkokonekta sa katapusan ng linggo. Ang kasalukuyang bayad sa SID na \$30 na multa sa muling pagkokonekta ay sapat, kaya ang kaunting mga account sa tubig na naputol sa taong ito ay palaging naiiskedyul nang hindi lalampas ng Miyerkules (upang maiwasan ang anumang mga pagkokonekta na maaaring tumapat sa katapusan ng linggo) at sa kalagitnaan ng umaga upang maiwasan ang pagkokonektang muli nang pagkatapos ng oras ng negosyo. Laging nakikipagtulungan ang mga kawani sa sinumang kostumer ang nakararanas ng pagpuputol upang muling maibalik ang serbisyo ng tubig sa lalong madaling panahon. Ang multa sa pagbabalik ng serbisyo sa hindi regular na oras ng negosyo ay \$128, tulad ng pagkakalkula sa Apendise 3, at babaguhin kung kinakailangan, taun-taon para sa anumang pagtataas sa sahod o benepisyo upang makalkula ang aktwal na gastos ng SID sa hindi regular na oras ng negosyo ng trabaho. Ang mga normal na oras ng negosyo ng SID ay 8:00 AM hanggang 5:00 PM, na nakalista sa website ng SID, at magsisimula ang \$128 na multa sa pagkokonektang muli kapag ang kawani ay umalis sa SID o saanmang lugar ng kanilang trabaho, nang 5:00 PM upang magsimula sa muling pagkokonekta.

Ang seksyon 116914 ng Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan ay tumatalakay sa pinakamataas na multa sa muling pagkokonekta, para sa ilang mga klase ng kostumer. Sa oras na ito, ang SID ay mangongolekta nang mababa sa bayad sa seksyon 116914. Sinusuportahan ng Apendise 3 na ang bayad sa muling pagkonekta ng SID na \$30 ay mas mababa sa aktwal na mga bayad sa muling pagkonekta sa oras ng negosyo at \$128 pagkatapos ng regular na oras ng negosyo. Ang Seksyon 11914 ng Kautusan sa Kalusugan at Kaligtasan ay nagtatakda ng multa na bayad sa pagbabalik ng serbisyo sa mga regular na oras ng pagtatrabaho ng limampung dolyar (\$50), ngunit hindi lalampas sa aktwal na gastos ng pagkokonektang muli kung mas maliit ito. Ang mga multa sa muling pagkokonekta ay sasailalim sa isang taunang pagbabago para sa Price Index ng Konsyumer simula Enero 1, 2021. Para sa muling pagkokonekta ng serbisyo sa residensyal sa mga oras na walang operasyon, isang sistema ng tubig sa lungsod at komunidad ang magtatakda ng multa para sa muling pagkonekta ng serbisyo na isang daan at limampung dolyar (\$150), ngunit hindi lalampas sa aktwal na gastos ng muling pagkonekta kung mas maliit ito. Ang mga multa sa muling pagkokonekta ay sasailalim sa isang taunang pagbabago para sa Price Index ng Konsyumer simula Enero 1, 2021.

Kung ang isang kostumer ay nakaramdaman na sila ay hindi tinatrato nang patas sa paggamit ng patakarang ito, maaari silang makipag-ugnay sa Direktor ng Pananalapi, Pangkalahatang Tagapamahala o Lupon ng mga Direktor. Ang Direktor ng Pananalapi at Pangkalahatang Tagapamahala ay maaaring tawagan sa 707-448-6847. Ang Lupon ng mga Direktor ay maaaring makontak sa pamamagitan ng pagtawag sa Lupon ng Kalihim/Katulong ng Pangkalahatang Tagapamahala sa 707-448-6847.

Sa kasalukuyan ang SID ay walang mga kostumer sa residensyal na nakatutugon sa mga pamantayan na tinatalakay sa ibaba, ngunit kung ang SID ay mayroong tulad ng nasabing kostumer ang mga sumusunod ay mag-aaplay.

Ang seksyong ito ay naangkop kung may ugnayang nangungupahan at kasera sa pagitan ng residente at ng may-ari, tagapamahala, o opereytor ng tirahan.

Kung ang SID ay nagbibigay ng indibidwal na metro sa serbisyo sa residensyal sa mga naninirahan sa isang bahay na may isang pamilya, isang maramihang yunit na istraktura, parke ng mga mobile na bahay, o permanenteng istraktura ng tirahan sa isang kampo ng mga manggagawa tulad ng tinukoy sa Seksyon 17008, at ang may-ari, tagapamahala, o opereytor ng tirahan, istraktura, o parke ay ang

TITULO: Batas ng Senado No. 998, Batas sa Proteksiyon ng Pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig - Patakaran ng SID

kostumer na nakatala, ang lungsod at komunidad ng sistema ng tubig ay magsasagawa ng mabuting pagsisikap na may malinis na hangaring ipaalam sa mga residenteng naninirahan, sa pamamagitan ng sulat ng abiso, kapag ang account ay may utang at ang serbisyo ay puputulin nang hindi bababa sa 10 araw bago ang pagputol. Ipaalam din ng sulat ng abiso na ang naninirahan sa residensyal ay may karapatang maging mga kostumer, kung kanino sisingilin ang serbisyo ng mga susunod na singil, nang hindi kinakailangang bayaran ang anumang halaga na maaaring dapat nang bayaran sa delingkuwenteng account.

Hindi inaatasan ang SID na magbigay ng serbisyo sa mga naninirahan sa residensyal maliban kung ang bawat residenteng naninirahan ay sumasang-ayon sa mga kundisyon ng serbisyo at natutugunan ang mga kinakailangan ng batas at mga panuntunan at taripa ng SID. Gayunpaman, kung ang isa o higit pa sa mga residente ay handa at kayang akuin ang responsibilidad para sa kasunod na mga singil sa account sa kasiyahan ng SID, o kung mayroong isang pisikal na paraan na ligal na magagamit ang SID na itigil na ang serbisyo sa mga residenteng hindi nakakatugon sa mga kinakailangan ng mga patakaran at taripa ng SID, ang SID ay magbibigay ng serbisyo sa mga residenteng nakakatugon sa mga kinakailangang iyon.

Kung ang naunang serbisyo para sa isang panahon ay isang kondisyon para pagtibayin ang kredito sa SID, ang tirahan at katibayan ng nasa oras na pagbabayad ng upa o iba pang obligasyon sa utang na tatanggapin ng SID para sa nasabing panahon ay isang kasiya-siyang katumbas.

Ang sinumang residente na magiging isang kostumer ng SID alinsunod sa seksyong ito na ang pana-panahong pagbabayad, tulad ng pagbabayad sa upa, kasama ang mga singil para sa serbisyo ng tubig sa residensyal, kung saan ang mga singil na ito ay hindi hiwalay, ay maaaring ibawas sa pana-panahong pagbabayad sa bawat panahon ng pagbabayad ang lahat ng makatwirang singil na binayaran sa SID para sa mga serbisyong iyon sa nakaraang panahon ng pagbabayad.

Sa kaso ng isang bahay na may isang pamilya, maaaring gawin ng SID ang alinman sa mga sumusunod:

- 1) Ibigay ang abiso ng pagpuputol nang hindi bababa sa pitong araw bago ang iminungkahing pagpuputol.
- 2) Upang mapatanggal ang halaga ng delingkuwenteng account, kailangan ng naninirahan na naging isang kostumer na beripikahin kung ang delingkuwenteng account na nakatala ay ang kasera, tagapamahala, o ahente ng tirahan o dating kasera, tagapamahala, o ahente ng tirahan . Maaaring isama sa pagbeberipika, ngunit hindi limitado, ang isang kasunduan sa pag-upa, mga resibo sa pag-upa, isang dokumento ng pamahalaan na nagpapahiwatig na ang nakatira ay nagrerenta ng ari-arian, o impormasyon na isiniwalat alinsunod sa Seksyon 1962 ng Civil Code.

Mga Nakalakip:

- 1) SB-998 Pagputol ng serbisyo ng tubig sa residensyal: mga sistema sa tubig sa komunidad ng lungsod
- 2) Mga Seksyon ng Alituntunin ng Pamahalaan ng California 60370 – 60375.5, Chapter 9.6. Mga Serbisyo ng Utility ng Distrito
- 3) Mga Seksyon ng Alituntunin ng Kalusugan at Kaligtasan sa California 116900 – 116926, Part 12, Chapter 6. Pagputol ng Serbisyo ng Tubig sa Residensyal (ang Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan)

TITULO: Batas ng Senado No. 998, Batas sa Proteksiyon ng Pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig - Patakaran ng SID

Apendise 1 sa Solano Irrigation District (SID) Patakaran sa Batas ng Proteksiyon sa Pagputol ng Serbisyo ng Tubig ng Suplayer ng Tubig sa Lungsod Ang mga pagbabago sa liham na ito ay maaaring ipatupad nang walang karagdagang pag-apruba ng Lupon

Sulat ng Abiso, alinsunod sa seksyon 116908 (a) (1) (A) ng Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan sa California

Ang liham na ito ay ilalagay sa SID letterhead at ipapadala sa kostumer. Ang liham na ito ay ipadadala sa petsang makatuwiran na maihatid ito sa kostumer sa ika-15 o malapit sa ika-15 araw bago ang posibleng pagputol ng serbisyo ng tubig.

Petsa

Pangalan ng Kostumer
Tirahan ng Kostumer

Tungkol sa: account ng tubig [ilagay ang numero ng account]

Minamahal naming [ilagay ang pangalan ng kostumer]

Sumusulat kami upang ipaalam sa iyo na ang iyong account sa tubig ay kasalukuyang delinkuwerte sa halagang [ilagay ang halagang dolyar ng bill ng tubig na delinkuwerte] kasama ang nauugnay na multa sa halagang [ilagay ang halaga ng multa] na lampas na sa taning na may kabuuang [ilagay ang kabuuang halagang dolyar].

Kailangan naming matanggap ang alinman sa pagbabayad o pakikipag-ugnay sa iyo nang hindi lalampas sa [ilagay ang petsa na hindi bababa sa dalawang araw bago ang petsa ng maaaring pagputol ng tubig, ang petsa ng pagputol ay hindi dapat bababa sa 61 araw mula sa petsa ng naging delinkuwerte ang bayarin] upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo ng tubig sa residensyal.

Kung kinakailangan, kapag nakipag-ugnay ka sa amin maaari nating pag-usapan ang mga opsyon tulad ng ekstensyon ng oras upang mabayaran ang mga delinkuwenteng singil, isang proseso ng paghiling ng pagsusuri at apela, o isang pagpapaliban, pagbabawas, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kasama ang isang pag-amortisasyon ng mga delinkuwenteng mga singil sa serbisyo sa residensyal. Upang mag-aplay para sa alinman sa mga opsyon na ito tawagan ako sa 707-455-4008, o mag-email sa akin sa cmorin@sidwater.org.

Kung ang iyong serbisyo sa tubig ay pinutol, kailangan mong makipag-ugnay sa amin sa 707-455-4008 sa muling pagkokonekta, upang gumawa ng pakikipagkasundo sa pagbabayad at ang isang \$30 na multa, upang muling buksan ang serbisyo ng tubig ay susuriin.

Lubos na gumagalang,

Pangalan ng Direktor ng Pananalapi
Direktor ng Pananalapi

TITULO: Batas ng Senado No. 998, Batas sa Proteksiyon ng Pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig - Patakaran ng SID

nakalakip: Solano Irrigation District Patakaran sa Batas ng Proteksiyon sa Pagputol ng Serbisyo ng Tubig ng Suplayer ng Tubig sa Lungsod

Apendise2 – Unang abiso ng delingkuwenteng account. Ang sulat na ito ay ipadadala sa loob ng 10 araw nang maging delingkuwente ang bill ng tubig. Ang mga pagbabago sa liham na ito ay maaaring ipatupad nang walang karagdagang pag-apruba ng Lupon.

Petsa

«Account_»

«Pangalan ng Kostumer»

«Kostumer_Kalye_Address»

«Kostumer_LungsodEstadoZip»

Tungkol sa: Delingkuwenteng Account sa Tubig

Minamahal naming«Pangalan_ng Kostumer»,

Ipinaalam ng sulat na ito na sa kasalukuyan, may halagang lampas na sa taning ang iyong account ng \$«Ilagay_ang Halaga».

Mangyaring magbayad upang maiwasan ang posibleng pagputol ng serbisyo ng tubig.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga opsyon sa pagbabayad mangyaring tingnan ang aming website [ilagay ang isang link sa patakaran], o makipag-ugnay sa akin sa 707-455-4008, o sa cmorin@sidwater.org

Kung nabayaran mo na ang bill ng tubig na ito, nagpapasalamat kami sa iyo at mangyaring ipawalang-halaga ang abisong ito.

Mga Opsyon sa Pagbabayad

- Ang pagbabayad ay maaaring gawin nang personal sa District Office, 810 Vaca Valley Parkway, Suite 201, Vacaville, CA. Ang mga oras ng distrito ay Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8:00 am at 5:00 pm, hindi kasama ang mga pista opisyal sa Distrito.
- Ang mga pagbabayad sa pamamagitan ng tseke ay maaaring dalhin sa after-hour bill drop-off box, na matatagpuan sa paradahan sa 810 Vaca Valley Parkway. Ang kahon ay ilang talampakan mula sa pasukan ng paradahan, puti ang kulay at naka-display ang aming logo dito.
- Ang mga pagbabayad sa pamamagitan ng tseke ay maaaring ipadala sa District Office, 810 Vaca Valley Parkway, Suite 201, Vacaville, CA 95688
- Ang pagbabayad ay maaaring gawin sa online gamit ang credit card o elektronikong tseke sa pamamagitan ng isang **third-party payment resource**. Mangyaring bisitahin ang website sa www.sidwater.org at iklik ang "Pay Bills" para sa karagdagang impormasyon.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan o alalahanin, mangyaring makipag-ugnay sa serbisyo sa kostumer sa 707-455-4005.

Salamat sa iyong agarang pag-aasikso sa bagay na ito.

Pahina 9 ng 11

TITULO: Batas ng Senado No. 998, Batas sa Proteksiyon ng Pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig - Patakaran ng SID

Tapat na sumasaiyo,

Pangalan ng Direktor sa Pananalapi
Direktor sa Pananalapi
Solano Irrigation District

Apendise 3 - Paunang pagkalkula ng tinatayang multa sa muling pagkonekta:

Ang sinumang miyembro ng M&I Operations Department ay maaaring italaga upang magputol o muling ikonekta ang serbisyo ng tubig;

TITULO: Batas ng Senado No. 998, Batas sa Proteksiyon ng Pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig - Patakaran ng SID

	Kada Oras na		Kada Oras na
	Bayad sa 2020		Bayad sa 2020
	Straight Time		Overtime
Titulo ng Trabaho ng Kawani:			
Superbisor	\$55.47		\$83.21
Namumunong Opereytor ng Distribusyon	\$53.09		\$79.64
Opereytor ng Sistema ng Distribusyon	\$44.84		\$67.26
Opereytor ng Sistema ng Distribusyon	\$40.66		\$60.99
Teknisyan ng Sistema ng Distribusyon	\$47.74		\$71.61
Teknisyan ng Sistema ng Distribusyon	\$42.65		\$63.98
Tagabasa ng Metro	\$33.32		\$49.98
Kabuuang Bayad Kada Oras	\$317.77		\$476.66
Average na Bayad Kada Oras	\$45.40 (a)		\$68.09
Average na rate ng benepisyo ng sweldo sa 2020 Badyet	52.69%		52.69%
Average na benepisyo kada oras	\$23.92 (b)		\$35.88
Bayad kada oras na may benepisyong fringe	\$69.31 (a) + (b)		\$103.97
Bayad kada oras para sa karaniwang pick-up na truck	\$25.00		\$25.00
Isang Oras na Tantiya sa Pagpatay ng Tubig at Pagbalik Nito			
Sweldo na may benepisyo	\$69.31		\$103.97
Gamit ng pick na truck nang 1 Oras	\$25.00		\$25.00
Kabuuang Gastos nang pagputol at pagbalik	\$94.31		\$128.97